

EDITORIAL: Ang tourism bubble ng El Nido

Ang pinakahihintay na pagbubukas ng turismo sa El Nido noong Nobyembre ay halos hindi naramdaman sa kabila ng mahabang preparasyong ginawa para dito, katulad na lamang ng ilang beses na pagdating ni DOT secretary Bernadette Romulo-Puyat at ang metikulosong paghahanda ng pagbubukas na pinangunahan ng El Nido Resort ng Ayala group. Sila ang unang sumubok ng tinatawag na tourism bubble sa kabila ng pandemya.

Walang nakitang sapat na kahandaan sa naturang lugar para masabing tunay na handa na ang naturang bayan sa pagbubukas.

Ang mga naranasan ng El Nido, ayon sa mga naisin ng DOT, ay magsilbing halimbawa ang okasyong ito ng dahan dahang pagbubukas ng buong sektor sa ibang lugar sa kabila ng banta ng coronavirus. Bunga ito ng pangangailangang maisulong na ang ekonomiya ng bansa.

Ang obserbasyon ng Palawan News team na nag-cover sa nasabing okasyon ay ang kahalagahan ng paghahanda upang masigurong ang lahat ng ginawa ay hindi masayang lamang. Katulad ng pagsusuot ng mask saan mang lugar sa bayang ito, kailangan itong mahigpit na ipatupad upang masiguro ang basikong patakarang pangkalusugan. Kailangan munang tiyakin na ang lahat ay sumusunod sa itinatakda.

Maliban sa siyam na pangturismong negosyo na binigyan ng Department of Tourism ng lisensya na magbukas sa ilalim ng mahigpit na bubble program, mapapansing hindi gaanong alam ng ibang mga negosyong nakapaligid ang naganap. Wala rin namang kunwaring bubble na nakapalibot sa kanila para manatili sila sa loob nito. Pangkaraniwan nang nagkikita at nagsasama ang mga lokal at turista doon.

Ang masakit pa nito, noong araw na nagbukas ang pinto nito sa turismo, doon naman nagkaroon ng kaso ng lokal na panghahawa ng COVID-19 sa bayan. Kung malakihang pagtitipon ang naganap, maaring malagay pa sa panganib ang maraming tao.

Sa kabuuan, hindi madaling sabihin na tunay na ngang handa ang El Nido sa pagbubukas ng turismo nito sa panahon ng patuloy na pandemya. Kung anuman, ang kasalukuyang sitwasyon ang nabibigay lamang ng mga leksyon upang matutunan ng mga kinaukulan ang mga hakbang na dapat pang gawin.

